Mabini Review
Volume XV, No. 2, 2025

Polytechnic University of the Philippines




# Pagtataguyod ng Lokal na Industriya sa Diwa ng Kooperatibismo: Pakikipanayam sa mga Haligi ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, Pandi, Bulacan

## *Promoting Local Industry in the Spirit of Cooperativism: An Interview with the Pillars of Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, Pandi, Bulacan*

Jay Israel B. De Leon
Pamantasang De La Salle, Maynila
jay.deleon@dlsu.edu.ph

Jennifer C. Delfin
Bulacan State University, Malolos, Bulacan
jennifer.delfin@bulsu.edu.ph

Charity Joy B. Hashim
Mindanao State University-Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography
charityjoyhashim@msutawi-tawi.edu.ph

Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Other citation formats:

APA MLA

Article History:

Received: January 9, 2025
Accepted: March 6, 2025
Revised: May 23, 2025

How to Cite this paper:

De Leon, Jay Israel B., Jennifer C. Delfin, and Charity Joy B. Hashim. "Pagtataguyod ng Lokal na Industriya sa Diwa ng Kooperatibismo: Pakikipanayam sa mga Haligi ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, Pandi, Bulacan." *Mabini Review* 15, no. 2 (2025): 199-225. Accessed [Month Day, Year]. https://doi.org.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2025

CC BY-NC 4.0

# Pagtataguyod ng Lokal na Industriya sa Diwa ng Kooperatibismo: Pakikipanayam sa mga Haligi ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, Pandi, Bulacan

## *Promoting Local Industry in the Spirit of Cooperativism: An Interview with the Pillars of Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, Pandi, Bulacan*

Jay Israel B. De Leon
Pamantasang De La Salle, Maynila
jay.deleon@dlsu.edu.ph

Jennifer C. Delfin
Bulacan State University, Malolos, Bulacan
jennifer.delfin@bulsu.edu.ph

Charity Joy B. Hashim
Mindanao State University-Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography
charityjoyhashim@msutawi-tawi.edu.ph

### Abstrak

Ang "One Town, One Product" (OTOP) ay isang programa ng Department of Trade and Industry (DTI) na naglalayong tumukoy ng lokal na produktong maipagmamalaki ng bawat bayan sa Pilipinas na nakaugat sa kultura, mapagkukunan, at pagkamalikhain ng komunidad na pinagmulan nito. Sa bayan ng Pandi, Bulacan, hinirang na OTOP ang espesyalisadong kasuotan na *gown* at barong na itinaguyod sa pangunguna ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative (BBMPC). Sa pangkalahatan, nilalayon ng pag-aaral na ito na siyasatin kung paano naging instrumental ang diwa ng kooperatibismo ng BBMPC sa pagtataguyod ng isang lokal na industriya ng pananahi mula sa lente ng pansamahang puhunang panlipunan na nakaangkla sa ideya ng makataong pamamahala. Upang maisakatuparan ito, kinapanayam ng mga mananaliksik ang tatlong pangunahing tagapamahalang haligi ng kooperatiba na nagsilbing mga susing impormante. Nahahati ang diskusyon ng papel sa dalawang sustantibong seksiyon: 1) maikling kasaysayang institusyonal ng BBMPC at 2) ang mga dimensiyon ng puhunang panlipunan ng BBMPC (i.e., tiwala, network, at mga tuntunin at kaugalian). Sa dulo, ipinakita ng pag-aaral na ang kasiglahan ng Disenyo Pandi Wedding Depot na pinamamahalaan ng BBMPC ay isang kongkretong katibayan ng pagtataguyod ng isang lokal na industriya ng pananahi sa Pandi, Bulacan. Nakaaambag din ito sa konserbasyon ng isang kultural na pamana, ang mga tradisyonal na kasuotang Pilipino, at sa lokal na turismo ng bayan ng Pandi. Ngunit hindi magiging posible ang patuloy na pag-unlad nito kung


© 2025 De Leon, J.I.B., et al. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

wala ang diwa ng kooperatibismo—ang pagtutulungan at pagdadamayan ng mga tagapamahala, kawani, at miyembro ng BBMPC.

Mga Susing Salita: *Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, industriya ng pananahi, kooperatibismo, Pandi, Bulacan, puhunang panlipunan*

## Abstract

*"One Town, One Product" (OTOP) is a program of the Department of Trade and Industry (DTI) that aims to identify a product that every town in the Philippines can be proud of that is rooted in the culture, resources, and creativity of its local community. In Pandi, Bulacan, the specialized garments gown and barong were designated as the town's OTOP through the initiatives of Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative (BBMPC). Overall, this study aims to investigate how BBMPC's spirit of cooperativism has been instrumental in promoting a local garment industry from the lens of organizational social capital which is anchored in the idea of humanistic governance. To accomplish this, the researchers interviewed three key informants—three managers who are considered pillars of the cooperative. The paper's discussion is divided into two substantive sections: 1) a brief institutional history of BBMPC and 2) the dimensions of BBMPC's social capital (i.e., trust, networks, and rules and norms). In the end, the study showed that the vitality of BBMPC's Disenyo Pandi Wedding Depot is concrete evidence of promoting a local garment industry in Pandi, Bulacan. It also contributes to the conservation of a cultural heritage, the traditional Filipino clothing, and to the local tourism of Pandi. But the continued development of Disenyo Pandi would not have been possible without the spirit of cooperativism—the collaboration and camaraderie of BBMPC's managers, staff, and members.*

Keywords: *Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, cooperativism, garment industry, Pandi, Bulacan, social capital*

## INTRODUKSIYON

Ang Pandi ay isang *second class municipality* sa lalawigan ng Bulacan. Napalilibutan ito ng mga bayan ng Bustos sa hilaga, Angat sa silangan, Plaridel at Balagtas sa kanluran, at Sta. Maria at Bocaue sa timog. Batay sa 2020 senso ng Philippine Statistics Authority, ang Pandi ay may kabuuang populasyong 154,956. Agrikultura at paghahayupan ang pangunahing kabuhayan ng mga

Pandieño. Masigla rin ang mga industriya ng mga muwebles, pananahi, *metal craft*, pagpoproseso ng pagkain, tingiang pagtitinda, at turismo.[1]

Isa sa mga pinakabantog na produkto ng Pandi ang mga kasuotang barong at saya na nagkamit ng parangal na "One Town, One Product" mula sa Department of Trade and Industry (DTI).[2] Isa itong programa ng pamahalaan na naglalayong tumukoy ng lokal na produktong maipagmamalaki ng bawat bayan sa bansa na nakaugat sa kultura, mapagkukunan, at pagkamalikhain ng lokal na komunidad na pinagmulan nito.[3] Sa katunayan, noong 2012, sinimulang ipagdiwang sa Pandi ang "Barong at Saya Festival" na tanda ng pagyakap ng mga Pandieño sa barong at saya bilang produktong tunay na kanila. Sa partikular, nakilala sa industriyang ito ang barangay ng Bagong Barrio kung saan nakabase ang maraming mananahi at negosyante ng barong at saya. Dinarayo ng mga nagnanais bumili ng mura at dekalidad na mga barong at saya mula sa loob at labas ng Bulacan ang Bagong Barrio, partikular na ang Disenyo Pandi, isang *wedding depot* na binubuo ng mahigit 60 tindahan.

Matatagpuan ang barangay Bagong Barrio sa hilagang bahagi ng Pandi. Bago nakilala sa industriya ng pananahi ng barong at saya, karamihan sa mga pamilya sa barangay ay nagsasaka. Sumibol lamang ang mga munting patahian sa barangay noong 1965 nang magsimulang magtahi ang mga kababaihan ng barangay ng mga blusa, punda ng unan, mantel, at mga kasuotang may minano-manong *calado*. Lalo pang sumigla ang industriya ng pananahi sa barangay noong 1996 nang itinakda ni Pangulong Fidel V. Ramos ang pagsusuot ng Filipiniana ng lahat ng kawani ng pamahalaan bilang bahagi ng pagdiriwang ng sentenaryo ng kalayaan ng Pilipinas. Dumami rin ang mga negosyante sa Maynila na naghanap ng murang mapagkukunan ng mga yari nang barong at saya.[4] Dahil dito, ang maliliit na patahian sa Bagong Barrio ay unti-unting naging negosyo ng mga pamilya na nakakita ng oportunidad sa gitna ng tumataas na demand para sa mga kasuotang Filipiniana.

1 Alvin Ang and Jeremaiah Opiniano, *Remittance Investment Climate Analysis in Rural Hometowns (RICART): The Local Competitiveness of Pandi, Bulacan for Remittance Investments* (Research Center for Culture, Education and Social Issues, University of Santo Tomas, 2016), 13.

2 Disenyo Pandi, "About Us," accessed March 7, 2024, https://disenyo-pandi.com/about-disenyo-pandi.

3 Department of Trade and Industry, "OTOP Philippines," accessed March 7, 2024, https://www.dti.gov.ph/negosyo/otop-ph.

4 Department of Trade and Industry, "Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative," accessed March 7, 2024, https://www.dti.gov.ph/archives/regional-archives/region-3-success-stories-regional-archives/bagong-barrio-multi-purpose-cooperative.

Naging instrumental sa unti-unting pag-unlad ng industriya ng pananahi sa barangay at sa buong bayan ng Pandi ang Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative (BBMPC) na itinatag noong 2002. Nilayon nitong dalhin sa komunidad ang mga hilaw na materyales sa mas mababang halaga kumpara kung luluwas pa ng Maynila ang mga negosyante ng patahian. Mula sa inisyal na puhunang Php 1,050,000.00 lamang, lumago nang lumago ang BBMPC hanggang sa makabili ito ng sariling gusali sa loob lamang ng limang taon. Noong 2018, pinasinayaan ng BBMPC ang Disenyo Pandi, isang *one-stop shopping destination* para sa mga taong naghahanap ng mga kasuotan para sa mahahalagang okasyon tulad ng kasal.[5] Sa kasalukuyan, bahagi na ng lokal na turismo ng bayan ang Disenyo Pandi bilang isang *landmark* na matatagpuan sa Barangay Bagong Barrio.

## Mga Layunin ng Pag-aaral

Malakas ang diwa ng kooperatibismo sa Pandi, Bulacan. Noong 2016, tinatayang may dalawampung (20) kooperatiba sa bayan, at ang dalawa rito'y kabilang sa pinakamalalaking kooperatiba sa buong lalawigan ng Bulacan (i.e., Manatal Multi-Purpose Cooperative at Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative).[6] Napakalaking tulong ng mga kooperatibang ito hindi lamang sa pinansiyal na ganansiya ng mga miyembro kundi sa pagtataguyod ng mga lokal na industriya na nakaaambag sa ekonomikong pag-unlad ng bayan sa kabuuan. Sang-ayon dito, pangunahing layunin ng pag-aaral na siyasatin kung paano naging instrumental ang diwa ng kooperatibismo ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative sa pagtataguyod ng isang lokal na industriya ng pananahi. Batay sa pangunahing suliraning ito, inalam ng pag-aaral 1) kung paano nagsimula ang Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative bilang isang institusyon at 2) kung paano ipinakita ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative ang tatlong pangunahing dimensiyon ng puhunang panlipunan (i.e., tiwala, mga network, at mga tuntunin at kaugalian) ng isang makataong pamamahala.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Pagpapatatag at pagpapaunlad ng lokal na industriya sa diwa ng kooperatibismo ang pangunahing tuon ng pananaliksik na ito. Kaya naman, inaasahang magiging makabuluhan ito hindi lamang para sa BBMPC kundi

---

5 Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, *CDA Gawad Parangal for 2021 Large Cooperative Category Form and Supporting Documents* (Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, 2021), A1.

6 Ang and Opiniano, *Remittance Investment*, 14.

maging sa mga katulad na organisasyon sa usapin ng pamamahala at kabuhayan. Maaari din itong maging batayan ng iba pang kooperatibang nakaugat sa diwa ng pagtutulungan, pagdadamayan, at pagmamalasakit na naglalayong pasiglahin ang lokal na industriya na kanilang kinabibilangan. Ang mga datos na nakalap hinggil sa kasaysayan, mga suliranin at pagtatagumpay, serbisyo, polisiya, programa, at produktong ibinebenta ng BBMPC ay maaari ding isaalang-alang ng iba pang kooperatiba bilang inspirasyon ng kanilang mga miyembro tungo sa sama-samang pag-asenso. Sa parte naman ng mga tagapamahala, maaaring isaalang-alang ang pag-aaral na ito tungo sa makataong pamamahala ng kanilang organisasyon na namumuhunan sa mga dimensiyon ng tiwala, network, at mga tuntunin at kaugalian. Nag-aambag din ang pag-aaral na ito sa korpus ng mga nalathalang iskolarling literatura hinggil sa bayan ng Pandi, Bulacan.

## Mga Kaugnay na Pag-aaral

Nilayon ng kasalukuyang pag-aaral na saliksikin ang isang industriya sa Pandi, Bulacan sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga tagapamahala. Sa partikular, nakatuon ito sa isang institusyong (i.e., kooperatiba) nag-aambag sa pagtataguyod ng naturang industriya. Kaya naman, kapaki-pakinabang ang pagrebyu sa mga pag-aaral tungkol sa mga industriya sa bayan ng Pandi at mga pag-aaral tungkol sa mga kooperatiba o samahan.

Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, kinapanayam din nina Abad et al. (2022) ang tagapamahala (i.e., ang may-ari) ng isang patahian sa Pandi, Bulacan. Gayunman, tumutok ito sa industriya ng pananahi ng mga punda at kurtina. Siniyasat ng mga mananaliksik ang apat na salik na nakaaapekto sa kalidad ng mga produkto: 1) materyal, 2) presyo, 3) manggagawa, at 4) pagtamo sa mga kahingian ng produkto.[7] Malaking salik sa kalidad ng produkto, unang-una sa lahat, ang pagpili ng tamang materyal tulad ng tela. Isinaalang-alang din ng may-ari ng negosyo ang pagpapanatili ng abot-kayang presyo para sa mga mamimili. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng mga bihasang manggagawa upang maging dekalidad at kasiya-siya para sa mga mamimili ang malilikhang produkto.[8] Nagbibigay ang naturang pag-aaral ng perspektiba hinggil sa pagpapanatili at lalo pang pagpapahusay ng kalidad ng mga produkto sa gitna ng matinding kompetisyon. Katulad ng negosyong sinaliksik nina Abad et al. (2022), ang BBMPC at Disenyo Pandi ay humaharap din sa isyu ng kompetisyon

7 Charles Abad, Erikson Lucinesio, Jose Carlos Mendoza et al., "Bedsheets and Curtain Quality: The Case of B&C Bedsheets and Curtains," SSRN (February 8, 2022): 3, http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.4029773.

8 Abad, Lucinesio, Mendoza et al., "Bedsheets," 3–4.

hindi lamang bilang manufaktyurer ng mga barong at gown kundi bilang isang kooperatiba bilang kabuuan. Ang iba't ibang diskarte ng mga tagapangasiwa ng BBMPC at Disenyo Pandi kaugnay ng kanilang sustenabilidad ay minarapat ding siyasatin sa kasalukuyang pag-aaral.

Bagama't hindi tumutok sa bayan ng Pandi, dalawang pag-aaral naman ang sumiyasat sa mga industriya sa Bulacan na nakatulong pa rin sa kasalukuyang pananaliksik. Tinalakay sa pag-aaral nina Nierras at Aguilar (1984) ang pananaw ng mga negosyante ng pagbuburda sa Lumban, Laguna; Bocaue, Bulacan; at Metro Manila. Sa aspekto ng produksiyon, natuklasan ng pag-aaral na mas pinili ng ilang negosyante ang paggamit ng makina sa pagbuburda, bagama't may ilan pa ring nagpanatili ng mano-manong pagbuburda.[9] Mas marami ang naprodyus na kasuotan, tulad ng mga barong, dahil sa makabagong teknolohiya ng pagbuburda. Sa aspekto ng suplay, ipinakita na mataas ang antas ng importasyon ng mga hilaw na materyal ng produksiyon ng mga kasuotan.[10] Ang mga usaping ito tungkol sa paggamit ng makabagong teknolohiya at pinagkukunan ng suplay ay sinipat din sa kasalukuyang pag-aaral. Binigyang-diin din nina Nierras at Aguilar (1984) ang pagpapatupad ng pamahalaan ng mga patakarang makatutulong sa mga negosyante gayundin sa mga mismong manggagawa upang mapaunlad ang industriya ng pagbuburda.[11] Kaugnay nito, nakinabang din ang BBMPC sa mga inisyatiba ng pamahalaan, partikular ng DTI, sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng kanilang mga programa para sa mga miyembro ng kooperatiba. Ang pag-aaral naman nina Pascua et al. (2023) ay tumasa sa potensiyal ng mga lokal na produktong pagkain ng Unang Distrito ng Bulacan (na sumasaklaw sa mga bayan ng Bulakan, Malolos, Paombong, Hagonoy, Calumpit, at Pulilan) para sa turismo. Lumabas sa pag-aaral na pamilyar at nasisiyahan ang mga Bulakenyo sa kanilang mga lokal na produkto.[12] Nakita rin ang malaking potensiyal ng mga produktong ito sa mga pamilihan, tindahan, kainan, at iba pang negosyo, gayundin sa pagtataguyod ng turismo sa lalawigan.[13] Isinama rin ito sa rebyu sapagkat ang Disenyo Pandi ay nagiging bahagi na rin ng mga

---

9 Rose Marie Nierras and Filomeno Aguilar, Jr., *Barong Tagalog and Related Embroidery Production: Entrepreneur Views from Lumban, Bocaue, and Metro Manila* (Ramon Magsaysay Award Foundation, 1984), 29–30.

10 Nierras and Aguilar, *Barong Tagalog*, 64.

11 Nierras and Aguilar, *Barong Tagalog*, 65–66.

12 Perla Pascua, Aldous Raynee Afable, Noreen Aicel Briones et al., "Parine sa Bulacan: The Showcase of the Finest Products," *Cosmos: An International Journal of Art & Higher Education* 12, no. 1 (2023): 136, https://cosmosjournals.com/wp-content/uploads/2023/05/CAHE-JJ23-121-9.-Perla-Pascua.pdf.

13 Pascua, Afable, Briones et al., "Parine," 136.

destinasyong panturismo ng bayan, at makabuluhang siyasatin din ang lalo pang pakikinabang sa panturismong potensiyal ng industriya ng pananahi ng mga barong at saya sa Pandi.

Isang publikasyon tungkol sa ekonomiya ng Pandi ang nakatulong sa kasalukuyang pag-aaral. Sa pag-aaral nina Ang at Opiniano (2016), nilayon na alamin kung ang mga kondisyon ng bayang pinagmulan ng mga migranteng Pilipino ay nakahihikayat o pumipigil sa kanilang mamuhunan o magnegosyo sa naturang munisipalidad gamit ang Remittance Investment Climate (ReIC) Framework. Tinutukan ng pag-aaral ang bayan ng Pandi, Bulacan at natuklasang may mga tandang nagpapakita na ang mga migranteng Pandieño ay namuhunan at nagtayo ng mga negosyo sa Pandi.[14] Gayunman, nahadlangan ang mas mayabong pa sanang ekonomikong aktibidad dahil sa maraming salik, tulad ng taas ng gastos sa kuryente, kakulangan ng akses sa lansangan, at kakulangan ng interbensiyon ng pamahalaang bayan.[15] Ang mga impormasyong matatagpuan sa pag-aaral nina Ang at Opiniano (2016) tulad ng mga datos hinggil sa kompetitivnes, klimang pangnegosyo, at ekonomikong heograpiya ng bayan ng Pandi ay lubos na kapaki-pakinabang sa kasalukuyang pananaliksik.

Lumitaw rin sa pag-aaral nina Ang at Opiniano (2016) na ang mga pinansiyal na institusyon sa bayan ng Pandi, tulad ng mga bangko at kooperatiba, ay gumagana at masigla.[16] Isa sa mga kooperatibang nabanggit ang BBMPC. Sa maikling pagpapaliwanag, ang isang kooperatiba ay "asosasyon ng mga taong may magkakatulad na interes na kusang nagsama-sama upang matamo ang mga pangangailangan at layuning panlipunan, pangkabuhayan, at pangkultura sa pamamagitan ng sama-samang pag-iimpok ng kinakailangang puhunan, pagtangkilik sa kanilang mga produkto at serbisyo, at pagtanggap ng pantay na hatian ng mga peligro at kapakinabangan ng nasabing gawain alinsunod sa mga unibersal na prinsipyo ng kooperatiba."[17] Sa pagtataguyod ng mga nabanggit na gawain at prinsipyo ng kooperatiba, mahalaga ang isang epektibong pangangasiwa o pamamahala. Binigyang-diin ito nina Novkovic et al. (2023) sa isang librong tumutok sa pamamahala sa mga kooperatiba. Ayon dito, ang pamamahala sa mga kooperatiba bilang mga kolektibong gawain ay tungkol sa pagtataguyod ng dignidad ng tao, demokratikong pagpapasya, at pakikipag-ugnayan at pagbibigay-lakas sa mga empleyado at iba pang

14 Ang and Opiniano, *Remittance Investment*, 47.

15 Ang and Opiniano, *Remittance Investment*, 47.

16 Ang and Opiniano, *Remittance Investment*, 18.

17 Cooperative Development Authority, "Basic Info on Coops," accessed March 8, 2024, https://cda.gov.ph/wp-content/uploads/2021/01/basic-info-on-coops.pdf.

*stakeholder*.[18] Sa isang kabanata ng librong ito na isinulat nina Friedel at Dufays (2023), partikular na inilapat ang teorya ng pansamahang puhunang panlipunan (*organizational social capital*) sa pag-unawa kung paano gumagana ang isang kooperatiba. Ayon kina Friedel at Dufays (2023), patuloy na dumarami ang mga pag-aaral na gumagamit ng *social capital* sa pagsisiyasat ng lohikang panlipunan ng mga kooperatiba sa iba't ibang industriya.[19] Ang pansamahang puhunang panlipunan ay isang "mapagkukunang sumasalamin sa katangian ng mga panlipunang ugnayan sa loob ng organisasyon na naisasabuhay sa pamamagitan ng mga antas ng kolektibong oryentasyon sa layunin at pinagsasaluhang tiwala sa pagitan ng mga miyembro."[20] Tiningnan nina Friedel at Dufays (2023) kung paanong ang tatlong pangunahing dimensiyon (i.e., tiwala, mga network, at mga tuntunin at kaugalian) ay ipinakita ng mga agrikultural na kooperatiba sa Flanders, Belgium. Kinapanayam nila ang mga tagapagtatag, *board member*, at tagapamahala ng mga kooperatibang ito. Lumabas sa naturang pag-aaral na ang pinakamahalagang salik sa puhunang panlipunan at humanistikong pamamahala ay ang mataos na interes sa kapakanan ng mga miyembro na nagreresulta sa aktibong pakikipag-ugnayan sa kanila sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagiging transparent, konsultasyon, at sama-samang pagdedesisyon.[21] Lalo ring maitataguyod ang puhunang panlipunan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mapagkakatiwalaang mga ugnayan sa mga panloob at panlabas na *stakeholder* bilang pundasyon ng isang moral na network na may mga tuntuni't kaugalian na sama-samang binuo sa pamamagitan ng mga prosesong demokratiko.[22]

## METODOLOHIYA

Kwalitatibo ang napiling disenyo ng pag-aaral sapagkat nais nitong unawain kung paano pinapakahulugan ng mga taong kalahok ang kanilang sariling karanasan sa mundo o *life-world*. Kabilang na rito ang kanilang mga damdamin, motibasyon, simbolo at mga kahulugan, at iba pang suhetibong

---

18 Sonja Novkovic, Karen Miner, and Cian McMahon, eds., *Humanistic Governance in Democratic Organizations: The Cooperative Difference* (Palgrave Macmillan, 2023), 2.

19 Stefanie Friedel and Frederic Dufays, "From Theory to Practice: Social Capital in Agricultural Cooperatives in Flanders, Belgium," in *Humanistic Governance in Democratic Organizations: The Cooperative Difference*, eds. Sonja Novkovic, Karen Miner, and Cian McMahon (Palgrave Macmillan, 2023), 250.

20 Carrie Leana at Harry van Buren, "Organizational Social Capital and Employment Practices," *The Academy of Management Review* 24, no. 3 (1999): 538–555, quoted in Friedel and Dufays, "From Theory," 252, amin ang salin.

21 Friedel and Dufays, "From Theory," 274.

22 Friedel and Dufays, "From Theory," 277.

aspektong kaakibat ng likas na pag-unlad ng mga buhay ng mga indibidwal at grupo.[23] Sapagkat nakapokus ang pag-aaral sa pananaw ng ilang susing impormante lamang, angkop na gamitin ang kwalitatibong disenyo na nakatuon sa yaman, saklaw, at kalidad ng datos na maaaring makuha mula sa mga kalahok na ito. Isang susing instrumento rin sa pag-aaral ang mga mananaliksik dahil sila mismo ang nangalap ng datos sa pamamagitan ng personal na pakikipanayam sa mga kalahok at pagsisiyasat sa mga makabuluhang dokumento.[24] Katulad din ng karaniwang isinasagawa sa mga kwalitatibong pananaliksik, gumamit ng lenteng teoretikal ang pag-aaral,[25] i.e., ang teorya ng pansamahang puhunang panlipunan, upang higit na mapatingkad kung paano naging instrumental ang kooperatibismo sa pagtataguyod ng isang lokal na industriya ng pananahi.

## Pangangalap ng Datos

Limitado lamang ang pag-aaral na ito sa pananaw ng tatlong tagapamahala ng BBMPC: G. Danilo Rivera, Chairman; G. Ramon Santos, Vice Chairman; at Gng. Pelicula Rapanut, General Manager. Kinalap ang datos sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga susing impormanteng ito na tinaguriang "mga haligi ng BBMPC na nagsakripisyo at namuno tungo sa pagtatagumpay ng kooperatiba."[26] Sapagkat sina G. Rivera at G. Santos ay kabilang sa mga nagtatag ng BBMPC, at si Gng. Rapanut ay higit isang dekada nang nangangasiwa sa kooperatiba, ang datos na nakuha mula sa panayam ay maituturing na primaryang batis ng pag-aaral.

Alinsunod sa mga hakbang na inilatag ni Marshall (1996) sa pakikipanayam sa mga susing impormante, isinagawa ng mga mananaliksik ang sumusunod. Matapos tukuyin ang mga susing impormante, nakipag-ugnayan ang isa sa mga mananaliksik sa tanggapan ng BBMPC sa pamamagitan ng isang liham na pinadala onlayn. Isinagawa noong 7 Pebrero 2024 ang inisyal na pakikipag-usap kay Gng. Rapanut kung saan ipinaliwanag ang mga layunin ng pananaliksik. Si Gng. Rapanut ang tumulong sa mga mananaliksik na makipag-ugnayan kina G. Rivera at G. Santos. Sang-ayon sa hiling ni G. Rivera na sabay-sabay na lamang silang kapanayamin, nagpasya ang mga mananaliksik na gawing isang *focus group discussion* (FGD) ang panayam. Isinagawa ang FGD noong 21 Pebrero 2024 sa tanggapan ng BBMPC na tumagal

23 Bruce Berg, *Qualitative Research Methods for the Social Sciences*, 4th ed. (Allyn & Bacon, 2001), 10–11.

24 John Creswell, *Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Method Approaches*, 3rd ed. (SAGE Publications, 2009), 175.

25 Creswell, *Research Design*, 176.

26 Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, *CDA Gawad Parangal*, A1, amin ang salin.

ng dalawa't kalahating oras. Gumamit ng isang inihandang talatanungan ang mga mananaliksik, ngunit ginawang *semi-structured* ang FGD upang makapagtanong ng *follow-up questions* kung kinakailangan. Nirekord ang buong FGD (na may pahintulot ng mga impormante) para sa transkripsiyon. Ayon kay Marshall (1996), kapaki-pakinabang ang pakikipanayam sa mga susing impormante dahil sa yaman at kalidad ng impormasyong makukuha sa loob ng maikling panahon.[27]

Bukod sa panayam, sinangguni rin ng mga mananaliksik bilang pansuportang batis ang ilang dokumento ng BBMPC na napapaloob sa portpolyong ipinasa nito para sa Cooperative Development Authority (CDA) Gawad Parangal 2021 (Large Cooperative Category) at opisyal na websayt ng kooperatiba.

## Teoretikal na Batayan

Bayanihan ang esensiya ng kooperatibismo.[28] Ayon kay Teehankee (2023), mahalagang tuklasin muli ang mga katutubong halagahin tulad ng bayanihan sa pag-aaral at praktis ng pamamahala sa Pilipinas habang nilalakbay ng bansa ang landas tungo sa sosyo-ekonomikong pag-unlad.[29] Sa isang kompanya o organisasyon, naisasabuhay ng mga tagapamahala ang diwa ng bayanihan sa pamamagitan ng isang "makataong pamamahala."[30] Sumasang-ayon ito sa humanistikong lapit sa pamamahala na naniniwalang ang kabuuang pag-unlad ng mga tao ay posible lamang sa konteksto ng isang komunidad o organisasyon na ang mga miyembro ay nagkakaisa, may pinagsasaluhang mga layunin, at nag-uugnayan sa diwa ng pagmamalasakitan at tungkulin sa isa't isa.[31] Sapagkat nakatuon ang pag-aaral na ito sa pananaw ng mga tagapamahala, nakita ng mga mananaliksik na angkop na siyasatin ang "makataong pamamahala" sa BBMPC habang itinataguyod nito ang isang

27 M. N. Marshall, "The Key Informant Techniques," *Family Practice* 13, no. 1 (1996): 93, https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/8671109.

28 Cooperative Development Authority, "Cooperative Bayanihan in Times of Crisis," accessed March 8, 2024, https://cda.gov.ph/wp-content/uploads/2021/01/bayanihan-article.pdf.

29 Benito Teehankee, "Makataong Pamamahala (Person-Centered Management): Toward Indigenizing Filipino Management Research and Practice in the Philippines," *Decision* 50, no. 3 (2023): 398, https://link.springer.com/article/10.1007/s40622-023-00361-0.

30 Teehankee, "Makataong Pamamahala," 398.

31 Benito Teehankee, "Humanistic Entrepreneurship: An Approach to Virtue-Based Enterprise," *Asia-Pacific Social Science Review* 8, no. 1 (2008): 100, https://ejournals.ph/article.php?id=5891.

lokal na industriya ng pananahi. Sa mga teoryang nauukol sa pag-aaral ng mga kooperatiba, naghahandog ng balangkas sa pag-unawa ng humanistikong pamamahala ang teorya ng pansamahang puhunang panlipunan. Batay sa pag-aaral nina Friedel at Dufays (2023), mayroon itong tatlong pangunahing dimensiyon: 1) tiwala, 2) mga network, at 3) mga tuntunin at kaugalian.[32]

Nakapaloob sa dimensiyon ng tiwala ang pagtataya ng isang aktor na ang iba pang aktor sa loob ng organisasyon ay magsasagawa ng isang partikular na aksiyon.[33] Binibigyang-diin ng tiwala ang ideya na sa kabila ng kawalang-katiyakan ng hinaharap, inaasahan ng taong nagtitiwala na kikilos sa paraang kanais-nais ang kaniyang pinagkakatiwalaan. Malay ang nagtitiwala na may kaakibat na peligro ng kawalan ang pagbibigay ng tiwala sa iba, ngunit nagbibigay rin ito ng oportunidad sa nagtitiwala at pinagkakatiwalaan na lalo pang pagbutihin ang kanilang kapakanan.[34] Habang nagtatagumpay ang kolaboratibong pagkilos ng mga aktor na may tiwala sa isa't isa, lalo pang napatataas ang antas ng kanilang pagtitiwala na nagbibigay-daan sa mas marami at mas malalaki pang kolaboratibong proyekto sa hinaharap.[35]

Tumutukoy ang network sa mga relasyong nag-uugnay sa mga organisasyon, grupo, at indibidwal.[36] Sa pag-aaral nina Friedel at Dufays (2023), tinukoy ang dalawang uri ng network sa mga kooperatiba: 1) network na may malalakas na bigkis (*strong ties*) na nakabatay sa resiprosidad at 2) network na may mahihinang bigkis (*loose ties*) na may katangiang mas bukas at moral.[37] Estratehiko o instrumental ang unang uri ng network, i.e., nakatuon ito sa kontribusyon at pagpapabuti ng organisasyon na hindi gaanong nagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga *stakeholder*, habang ang ikalawa naman ay nakabatay sa kusang-loob na ugnayan at mabuting intensiyon sa mga *stakeholder*.[38]

32 Friedel and Dufays, "From Theory," 253.

33 Ostrom and Ahn, quoted in Ricardo Abad, "Aspects of Social Capital in the Philippines: Findings from a National Survey," accessed March 8, 2024, https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Works/Ricardo%20Abad/Aspects_of_Social_Capital_in_the_Philippines_Results_from_a_National_Survey.pdf.

34 Ostrom and Ahn, quoted in Abad, "Aspects of Social Capital."

35 Carrie Leana and Harry van Buren, "Organizational Social Capital and Employment Practices," *The Academy of Management Review* 24, no. 3 (1999): 543, https://www.jstor.org/stable/259141.

36 Stockard, quoted in Abad, "Aspects of Social Capital."

37 Friedel and Dufays, "From Theory," 254–55.

38 Friedel and Dufays, "From Theory," 254.

Nagbibigay naman ang mga tuntunin at kaugalian ng gabay sa mga miyembro ng organisasyon sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain tungo sa maayos na operasyon ng organisasyon. May dalawang uri ng tuntunin sa loob ng isang organisasyon: 1) di-nakasulat at 2) nakasulat.[39] Ang mga di-nakasulat na tuntunin ay tumutukoy sa "kultura" ng organisasyon at mga nakasanayang kalakaran na karaniwang umiiral ng hindi namamalayan, habang ang mga nakasulat na tuntunin ay nagtangkang gawing pormal ang kulturang ito, tulad ng mga regulasyon, kontrata, at tsarter, na nagtitiyak sa pantay na mga benepisyo at gastos kaugnay ng resiprosidad.[40]

## Pagsusuri ng Datos

Sa pag-aaral na ito, tinugunan ang unang tiyak na suliranin sa pamamagitan ng naratibong analisis ng datos mula sa isinagawang FGD. Mula sa transkrip, pinag-ugnay-ugnay ang mga impormasyong nauukol sa kasaysayang institusyonal ng BBMPC. Ang nahabing naratibo ang siyang bumuo sa unang sustantibong seksiyon ng diskusyon ng pag-aaral. Samantala, tinugunan naman ang ikalawang tiyak na suliranin sa pamamagitan ng tematikong analisis. Ang tematikong analisis ay isang metodo sa pagtukoy, pagsusuri, at pag-uulat ng mga padron o tema sa loob ng datos upang maorganisa at mailarawan ito sa mas mayamang detalye.[41] Teoretikal ang lapit na pinili ng mga mananaliksik sa tematikong analisis, i.e., nakatungtong sa teoretikal o analitikong interes ng mga mananaliksik ang pag-uugnay-ugnay sa mga datos.[42] Bilang resulta, nagbigay ito ng detalyadong analisis ng ilang aspekto lamang ng datos. Sa pag-aaral na ito, napili bilang teoretikal na batayan ang pansamahang puhunang panlipunan na naghandog na agad ng mga dimensiyong maaaring ikutan ng pagsusuri.

Katulad ng iminungkahi nina Braun at Clarke (2006), nagsimula ang tematikong analisis sa pamilyarisasyon sa datos.[43] Naisagawa ito sa yugto pa lamang ng transkripsiyon ng rekording ng FGD. Ang nabuong transkrip ay ilang ulit na binasa ng mga mananaliksik upang makuha ang pangkalahatang diwa ng naging talakayan. Sa yugtong ito, napansin na ang ilang padron sa datos. Sapagkat teoretikal/deduktibo ang naging lapit sa tematikong analisis,

39 Friedel and Dufays, "From Theory," 255.

40 Friedel and Dufays, "From Theory," 255.

41 Virginia Braun and Victoria Clarke, "Using Thematic Analysis in Psychology," *The Qualitative Research in Psychology* 3, no. 2 (2006): 79, https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa.

42 Braun and Clarke, "Using Thematic Analysis," 84.

43 Braun and Clarke, "Using Thematic Analysis," 87.

isinaisip na agad ng mga mananaliksik ang tatlong dimensiyon ng pansamahang puhunang panlipunan, i.e., tiwala, mga network, at mga tuntunin at kaugalian, bago tuluyang pumalaot sa mas malalimang pagsusuri. Binasang muli ng mga mananaliksik ang transkrip at pinag-ugnay-ugnay ang mga kahulugang lumitaw mula rito batay sa mga nabanggit na dimensiyon na nagsilbi bilang mga tema ng pagsusuri. Iniulat ang naging resulta ng tematikong analisis sa ikalawang sustantibong seksiyon ng diskusyon ng pag-aaral na hinati-hati sa tatlong subseksiyon na sumang-ayon sa tatlong dimensiyon ng pansamahang puhunang panlipunan.

## MAIKLING KASAYSAYANG INSTITUSYONAL NG BBMPC

Ang Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative (BBMPC) ay itinatag sa pagsusumikap ng 30 indibidwal. Nilayon nila, una sa lahat, na matulungan ang mga miyembro ng kooperatiba na mapaunlad ang kani-kaniyang negosyong patahian. Pinangunahan ang grupong ito ni G. Santiago Antonio na nagluwal ng ideyang magtayo ng isang kooperatiba upang mapagkaisa ang mga mananahi't nagpapatahi ng kanilang barangay. Nagsimula ang operasyon ng BBMPC noong 8 Setyembre 2002 sa isang maliit na gusaling inupahan ng kooperatiba at opisyal na naiparehistro sa Cooperative Development Authority (CDA) noong 16 Setyembre 2002. Sapagkat abala sa kani-kaniyang trabaho't negosyo ang mga unang miyembro ng kooperatiba, isa sa kanilang mga unang suliranin ang taong mangangasiwa at kakatawan sa kanila. Ang tungkuling ito'y tinanggap ni G. Prudencio Jacinto na nagsilbing unang tagapangulo ng BBMPC (2002-2005).

Nagsimula ang BBMPC na may inisyal na puhunang Php 1,050,000.00. Kinailangan ng kooperatiba ang ganito kalaking halaga upang makabili ng mas maraming rolyo ng telang maipapasa sa mga miyembro sa murang halaga. Bago maitatag ang kooperatiba, ang mga mananahi't nagpapatahi ay bumabiyahe pa ng 4-5 oras papunta at pabalik mula sa Divisoria, Maynila upang bumili ng mga hilaw na materyal tulad ng tela. Malaking ginhawa ang naidulot ng BBMPC sa mga miyembro nito dahil nabawasan na ang oras at gastusing kailangan nilang gugulin sa pagbili pa lamang ng tela na maaaring nagamit na sana sa produksiyon. Sa unang limang taon ng operasyon, nagtuloy-tuloy ang magandang kita ng kooperatiba. Mula sa isang maliit na inuupahang opisina, nakabili ng sariling lupa at naipatayo ang Main Building ng BBMPC noong 2007. Dahil sa mga tagumpay na ito, lalo pang nakahikayat ng mas maraming miyembro ang kooperatiba.

Lubusang nakatulong sa pag-unlad ng BBMPC ang iba't ibang suportang ibinigay ng DTI, ang itinuturing na "mentor" ng kooperatiba.[44] Isa sa mga pangunahing programa ng DTI na nag-angat hindi lamang sa kooperatiba kundi sa buong industriya ng pananahi sa bayan ng Pandi ang "One Town, One Product" (OTOP) na sinimulan noong 2002. Mula sa iba pang pinagpiliang produkto ng Pandi, tulad ng mga muwebles, ang mga kasuotang barong at saya ang hinirang na OTOP ng DTI. Taong 2004 pa lamang ay nakikipag-ugnayan na ang DTI sa BBMPC. Tinulungan ng kagawaran ang kooperatiba sa iba't ibang erya ng industriya mula sa produksiyon hanggang sa pagbebenta at promosyon ng mga produkto. Ilan sa mga suportang ibinigay ng DTI ang pagtuturo ng *dyeing* o pagkukulay, pagsasangkot sa BBMPC sa mga eksibit at *trade fair*, at pagbibigay ng mga pagsasanay kung paano pa mas mapauunlad ang mga produkto at kung paano pa mapagaganda ang *display* ng mga produkto sa mga puwesto. Noong 2010, hinirang ng DTI ang BBMPC bilang National Level OTOP Winner. Binigyan din ng DTI ang kooperatiba ng kompyuterisadong makina noong 2014 na dinagdagan at hanggang ngayo'y nagagamit pa rin ng BBMPC sa kanilang *shared service facility* (SSF). DTI rin ang nagkonseptuwalisa ng Disenyo Pandi, ang tatak-pangkalakal ng BBMPC, mula sa pangalan hanggang sa logo nito na ipinakilala noong 2007. Mula sa pambaryong identidad ng BBMPC, nagkaroon ng bagong pagkakakilanlan ang kooperatiba na nagdadala sa pangalan ng buong bayan ng Pandi. Ang tatak na ito'y maaaring gamitin ng mga miyembro ng BBMPC sa kani-kaniyang produkto upang maitaguyod ang mga ito bilang mga produktong tunay na likhang Pandi.

Bukod sa mga serbisyong kaugnay ng pananahi, *credit*, at *savings*, pinasok din ng BBMPC ang iba pang gawaing panghanapbuhay. Noong 2004, sinubukan din ng BBMPC ang pagpapaalaga ng baboy sa mga miyembrong nais mag-alaga nang may kaukulang suporta mula sa kooperatiba. Sa simula'y naging maganda ang kita nito, ngunit nang nauso ang *foot-and-mouth disease* sa bayan, humina ang mga babuyan. Noong 2015, nagtayo ng isang *satellite store* ang BBMPC kung saan binuksan din ang isang tindahang tinawag na KMART. Dito bumili ng mga pangunahing pangangailangan at iba pang produkto ang mga miyembro ng kooperatiba sa mas mababang halaga. Naging daan ang KMART sa paglobo ng kasapian ng kooperatiba. Upang makatangkilik ng mga serbisyo ng KMART, kailangang miyembro ka ng kooperatiba. Dahil mababa lamang ang hininging *initial share capital* (Php 100.00) upang maging *associate member* ng KMART, marami ang nahikayat na magpamiyembro. Gayunman, isinara ng BBMPC ang KMART noong 2022 dahil hindi na ito nag-aambag ng kita sa kooperatiba. Bukod sa pandemya, naglitawan din ang iba pang *convenience* at *sari-sari stores* sa komunidad na tuluyang nagpahina sa kita ng KMART.

44 Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, *CDA Gawad Parangal*, A1.

Dahil dito, napagpasyahan ng BBMPC na tumuon na lamang sa industriya ng pananahi.

Sa layuning lalo pang maitaguyod ang mga produkto ng Disenyo Pandi, pinangarap ng mga tagapamahala ng BBMPC na magkaroon ng isang *one-stop shopping destination* ng mga barong, saya, at *gown* sa bayan ng Pandi. Kung noo'y Divisoria ang puntahan ng mga taong naghahanap ng mga mura at dekalidad na kasuotan para sa iba't ibang okasyon, nais ng BBMPC na maging Pandi ito. Isa sa mga unang inisyatiba ng kooperatiba upang maisakatuparan ito ang pagpapautang sa mga miyembro upang makapagpatayo sila ng puwesto sa harap ng kani-kanilang bahay na magiging tindahan ng mga ibinebenta nilang barong at *gown*. Ngunit ang pinakamatagumpay na hakbang ng BBMPC para sa layuning maitaguyod ang mga produkto nito ay ang pagpapatayo ng Disenyo Pandi Wedding Depot na malapit lamang sa Main Building ng kooperatiba. Ito ang "pisikal na katibayan ng dakilang bungang inani mula sa kooperasyon at kolektibong pagsisikap ng mga taong nagnais matamo ang iisang layunin."[45] Matagal ang naging preparasyon at pag-iipon ng BBMPC para dito. Taong 2013 nabili ng kooperatiba ang lupang pagtatayuan ng tatlong gusali ng Disenyo Pandi, at Hulyo 2017 nagsimula ang konstruksiyon ng mga ito. Naging mabilis ang pagpapagawa ng mga gusali kung kaya't noong Oktubre 2017 pa lamang ay may mga nagsimula nang magbenta sa ilang *stalls* nito. Nagbahay-bahay ang mga opisyal ng BBMPC upang hikayatin ang mga miyembrong pumuwesto sa *wedding depot*, ngunit mula Oktubre hanggang Disyembre 2017, walo lamang ang pumuwesto rito. Gayunman, pinalad ang walong ito sapagkat naging malakas ang kanilang kita, at tuluyang nakumbinsi ang iba pang miyembro na kumuha na rin ng puwesto. Pormal na binuksan ang Disenyo Pandi Wedding Depot noong 31 Enero 2018 na dinaluhan ng mga opisyal ng pamahalaang bayan at lalawigan, gayundin ni Senador Cynthia Villar na naging panauhing tagapagsalita. Bukod sa mga tindahan, mayroon ding *pavilion* na maaaring gamitin ng mga miyembro ng kooperatiba para sa iba't ibang gawain at okasyon. Sa kasalukuyan, may higit 60 *stalls* ang Disenyo Pandi Wedding Depot, at pinaplano pang magdagdag ng 40 sa mga susunod na taon. Masasabing estratehiko rin ang lokasyon ng Disenyo Pandi sapagkat madali itong maakses lalo na ng mga galing sa norte. Mula sa North Luzon Expressway (NLEX), madaling mararating ang Disenyo Pandi sa pamamagitan ng Plaridel Bypass Road.

Katulad ng maraming hanapbuhay sa paglaganap ng pandemyang COVID-19 noong 2020, lubusan ding naapektuhan ang mga operasyon ng BBMPC. Dahil sa mga patakaran tulad ng *lockdown* at *quarantine*, hindi

---

45 Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, *CDA Gawad Parangal*, A1, amin ang salin.

pinahintulutan ang mga pagtitipon sa iba't ibang okasyon at nakansela ang mga transaksiyon ng mga negosyante ng Disenyo Pandi. Isinara din ang *wedding depot* sa loob ng maraming buwan, at lubusan ding naapektuhan ang pagbebenta ng mga hilaw na materyales tulad ng tela. Noong 2020, 1/3 lamang ng target na kabuuang benta ang natamo ng kooperatiba.[46] Gayunman, sa tulong muli ng DTI, naturuan ang kooperatiba na magbenta sa pamamagitan ng mga platapormang *online* upang makaangkop sa bagong normal.

Patunay sa higit dalawang dekadang pagsisikap at kahusayan ng BBMPC ang maraming parangal at gantimpalang nakamit nito sa nasyonal at rehiyonal na lebel. Sa isang resolusyon ng Kongreso ng Pilipinas noong 2020, kinilala ang BBMPC bilang "mabisang katuwang para sa pambansang kaunlaran sa pamamagitan ng iba't ibang programa nito na nagtataguyod sa pakikisangkot ng komunidad sa mga proyekto ng pangangalaga at konserbasyon ng kalikasan; pagpaparami at pagpapalawig ng kasapian; at kooperatibong pagkakaisa at pakikituwang."[47]

## ANG PUHUNANG PANLIPUNAN NG BBMPC

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa datos na nakalap mula sa panayam sa mga tagapamahala ng BBMPC, naitala ang sumusunod na danas na napapaloob sa mga dimensiyon ng tiwala, network, at mga tuntunin at kaugalian.

### Tiwala

Napananatili ng BBMPC ang tiwala ng kanilang mga miyembro sa pamamagitan ng pagtugon sa iba't iba nilang pangangailangan. Pangunahin na rito ang mga pangangailangang panghanapbuhay. Bukod sa pagpapasa ng mga materyales sa mas mababang halaga, marami pang programa at serbisyong ibinibigay ang kooperatiba sa mga miyembro nito. Kabilang dito ang pamamahagi ng magandang *interest on share capital* o dibidendo at *patronage refund* bilang balik sa masugid na pagtangkilik ng mga miyembro sa mga produkto at serbisyo ng kooperatiba. Naglunsad din ng *loan protection program* ang kooperatiba, at sinikap din nitong magtakda ng mas mababang interes sa pautang. Kasama rin sa mga benepisyo ng mga miyembro ang *health*

46 Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, *CDA Gawad Parangal*, A2.

47 Congress of the Philippines, *H. Res. No. 1041. Resolution Commending the Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative for Winning First Place in the 2019 Gawad Parangal Search of the Cooperative Development Authority for the Most Outstanding Primary Cooperative, Large Millionaire Category*, accessed March 25, 2024, https://docs.congress.hrep.online/legisdocs/second_18/HR01041.pdf, amin ang salin.

*card*, *hospitalization benefits* para sa mga miyembrong *senior citizen*, at *funeral assistance* para sa mga miyembrong namatayan.

Isang mahalagang salik din upang mapanatili ang tiwala ng mga miyembro ng kooperatiba ang pagiging transparent ng mga tagapamahala nito. Ipinakikita ito sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga *general assembly* kung saan idinaraos ang eleksiyon, pag-uulat ng mga opisyal sa mga gawain ng nagdaang taon, at presentasyon ng *audited financial report* at *business plan* para sa mga susunod na taon. Ang mga plano ng kooperatiba para sa pagpapalawak at pagpapabuti ng mga serbisyo at programa nito ay nagpapakita rin ng dedikasyon at pagsisikap ng kooperatibang tuparin ang mga pangako at layunin nito, na nagpapataas sa antas ng pagtitiwala sa kakayahan nitong magbigay ng tulong at suporta sa mga miyembro.

Hindi lamang mga miyembro ang nagbibigay ng tiwala sa kanilang mga tagapamahala. Maging ang mga opisyal ng kooperatiba ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtitiwala sa mga miyembro. Isa sa mga praktis na nabanggit ng mga kinapanayam ang koleksiyon ng mga bayarin. Ayon sa kanila, ang mga miyembro mismo ang pumupunta sa tanggapan ng BBMPC upang magbayad ng kanilang utang alinsunod sa *due date* nito. Ani G. Rivera, "Sinanay namin 'yung mga miyembro namin na wala kaming kolektor." Ngunit hindi pa rin daw maiiwasan na may mangilan-ngilang miyembro na kailangang paalalahanan sa kanilang buwanang bayarin. Bilang gantimpala sa mga miyembrong pinakamaagap magbayad ng mga bayarin, nagbibigay ang kooperatiba ng Most Punctual Award na may kaukulang halaga.

Isa pa sa mga masasabing patunay ng reputasyon ng BBMPC bilang isang mapagkakatiwalaang samahan ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga miyembro nito at pagtaas din ng kanilang antas ng pamumuhay. Ayon sa mga kinapanayam, napakaraming ordinaryong mananahi na namamasukan lang noon, ngunit dahil sa tulong ng kooperatiba, nagkaroon sila ng sariling mga tindahan at naging mga manufaktyurer na rin. Ani G. Rivera, "Gusto naming i-*engage* sila sa *industry*, kasi sa totoo lang, napakaraming nangangailangan ng iba't ibang kasuotan sa Pilipinas dahil lahat ay nagpapakasal, nagpapabinyag. Kahit dumami pa kaming nagtatahi rito, kikita at kikita sila." Positibo rin ang pagtanggap ng kooperatiba sa mga sumisibol na kakompetensiya sa kanilang komunidad. Para sa mga tagamapahala, ito ay maituturing na "healthy competition." Bilang mga miyembro, prayoridad pa rin naman nila ang pagtangkilik sa mga materyal na ibinebenta ng BBMPC, at bibili lamang sila sa iba kung wala ang hinahanap nila sa kooperatiba. Nabanggit din ng mga tagapamahala na "pangarap" din ng kooperatiba na magkaroon ng sariling lupa ang mga miyembro nito. Maraming miyembrong mananahi ang walang lupang pagmamay-ari sa lugar at namamasukan lamang. Isa sa mga naisip ng paraan ng kooperatiba upang matulungan ang kanilang mga miyembro ang

pagbili ng isang lote at paghahati-hati nito upang maokupa ng mga miyembro at mabayaran nang hulugan.

Noong panahon ng *lockdown* dahil sa pandemyang COVID-19, sinikap pa rin ng BBMPC na maging mapagkakatiwalaang katuwang ng mga miyembro sa gitna ng mga banta sa kalusugan at paghina ng negosyo. Namigay ang kooperatiba ng tulong-pinansiyal sa mga miyembro nito, at hindi ito naningil ng *penalty* sa mga pautang alinsunod sa mga probisyon ng *Bayanihan To Heal As One Act*. Maaari ding kumuha ng *calamity loan* ang mga miyembro. Naging tuloy-tuloy rin ang operasyon ng KMART para sa mga batayang pangangailangan ng mga miyembro ng kooperatiba.

Sa mga nabanggit na danas sa itaas, makikita ang pagsisikap ng kooperatiba na makabuo ng isang ugnayan sa mga miyembro nito sa pamamagitan ng pamumuhunan ng tiwala. Kung wala ang tiwala sa siklo ng operasyon ng kooperatiba, maaaring sa umpisa pa lamang ay naantala na ang daloy ng negosyo, mga serbisyo, at mga programa nito. Sa karanasan ng BBMPC, makikitang matatag at nagpapatuloy ang mga ito.

## Network

Aktibo ang BBMPC sa pakikipag-ugnayan sa iba pang sektor ng komunidad at pakikilahok sa mga gawain ng iba't ibang organisasyon. Nakaugat ito sa adbokasiya ng kooperatiba na ayon sa mga tagapamahala ay higit pa sa pagkakaroon ng kita. Makikita rin na ang network ng BBMPC ay hindi nakasara o eksklusibo lamang sa mga miyembro nito. Bukas ito sa buong komunidad, nasa loob o labas man ng industriya ng pananahi.

Isa sa mga programa ng BBMPC ang pagbibigay ng iskolarsyip. Nakapagbigay na ang kooperatiba ng tulong-pinansiyal sa mga miyembro ng komunidad na magkokolehiyo. Dalawang mag-aaral kada taon ang nabibigyan ng pagkakataong makatanggap ng taunang Php 12,000.00 basta't mapanatili ang maayos na grado. Ang iskolarsyip ay maaari ding nasa anyo ng mga pagsasanay at seminar kaugnay ng pananahi. Naglunsad ang BBMPC ng mga pagsasanay sa *basic sewing*, *basic dress making,* at *basic and advance pattern making* na akreditado ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). Isa pa sa mga itinuturing na *milestone* ng kooperatiba ang pakikituwang sa Rotary Club International, partikular na ang Rotary Club of North Bay East, sa pagbibigay ng pagsasanay sa *basic sewing* sa pamamagitan ng isang *global grant*. Lahat ng nakatapos sa pagsasanay na ito ay nagkamit ng makina sa pananahi. Ayon sa mga kinapanayam, may mga mananahi na sampu hanggang labinlimang taon nang nananahi ngunit wala pa ring sariling makina.

Kaya naman isang magandang oportunidad para sa kanila ang programang ito. Naging bukas din ito sa mga di-miyembro ng kooperatiba.

Bukod sa kapital na pera, nais din ng kooperatiba na ang komunidad ay mamuhunan din sa kaalaman hinggil sa industriya ng pananahi. Ani G. Rivera, "Lahat may ambag ang koop. *From scratch or from zero*, matutulungan ka talaga ng koop kasi pag kailangan mo ng kapital, nandiyan ang koop. Kapag kailangan mo ng *learning*, nandiyan ang koop. Kung kailangan mo ng puwesto, nandiyan ang koop. Madali nang mag-umpisa." Mayroon ding tinatawag na Pre-membership Education Seminar (PMES) para sa lahat ng gustong maging miyembro ng kooperatiba. Dalawang beses sa isang buwan ito isinasagawa. Bukod dito, may mga libreng pagsasanay rin para sa kanilang mga opisyal. Kumukuha sila ng mga *facilitator* na akreditado ng CDA upang mabigyan ng sertipiko ang mga kalahok. May *training center* din ang kooperatiba na tinatawag nilang "BBMPC Academy" na pinagdarausan ng iba't ibang pagsasanay. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, pinalalawak ng BBMPC ang network nito sa industriya ng pananahi na nagbubukas pa ng mas maraming oportunidad. Hindi lamang nagkakaroon ng dagdag na kaalaman at kasanayan ang mga miyembro ng kooperatiba kundi pati na rin mga koneksiyon na makatutulong sa pag-unlad at tagumpay ng kanilang mga negosyo.

Palagian ding nakikituwang ang BBMPC sa lokal na pamahalaan. Lumalahok ang kooperatiba sa iba't ibang selebrasyon tulad ng Nutrition Month, Senior Citizen's Day, Cooperative Month, at Singkaban Festival na ipinagdiriwang ng buong lalawigan ng Bulacan. Tuwing may kalamidad, nagpapaabot ng tulong ang kooperatiba sa mga nasalanta. Tumulong din ang BBMPC sa paglalagay ng *plant boxes* sa komunidad, at pinangunahan din nito ang iba pang gawain tulad ng *medical mission* at libreng gupit. Nakikipag-ugnayan din ang BBMPC sa mga lokal na paaralan. Sumasali ito sa brigada eskuwela at namimigay ng mga regalo sa mga piling mag-aaral ng mga pampublikong paaralan at mag-aaral ng Special Education (SPED) ng Pandi tuwing Pasko. Tumatanggap din sila ng mga mag-aaral ng kolehiyo na nais mag-*on-the-job training* (OJT).

Hindi rin naging hadlang ang pandemya sa adbokasiya at ugnayang panlabas ng kooperatiba. Kahit lubos itong tinamaan ng krisis sa kabuhayan dahil sa pagsasara ng *wedding depot* at sa pagtigil ng operasyon ng mga miyembro, patuloy pa rin itong tumulong sa komunidad. Hiningi ng kooperatiba ang tulong ng mga miyembro nito upang makapagtahi ng *facemasks* at *personal protective equipment* (PPE). Higit sanlibong *washable* at *water resistant* na PPEs at *facemasks* ang nagawa ng BBMPC na ibinigay sa iba't ibang ospital, klinika, *rural health units* (RHUs), *local government units* (LGUs), at *senior citizens* sa

mga lalawigan ng Bulacan, Tarlac, at Isabela; at mga lungsod ng Mandaluyong, Navotas, at Maynila.[48]

## Mga Tuntunin at Kaugalian

Sa loob ng isang kooperatiba, mahalagang napag-uugnay ang layunin ng institusyon at ng tagapamahala nito sa pangangailangan ng kanilang mga miyembro upang makabuo ng isang matatag na samahan. Dito makikita ang pagiging epektibo ng kanilang pamamahala na ginagabayan ng kanilang napagkasunduang mga tuntunin na sinusunod ng bawat isa.

Ang BBMPC ay pinamamahalaan ng Board of Directors (BOD) na binubuo ng Chairman, Vice Chairman, Board Members, Treasurer, at Secretary. Pangunahing tungkulin ng BOD ang paggawa ng malilinaw na polisiya ng kooperatiba, tulad ng *loan availment policy* at *collection policy* kung saan nakalahad ang layunin, saklaw, mga responsibilidad, at mga espesipikong tuntunin ng polisiya. General Manager naman ang nangangasiwa sa pang-araw-araw na daloy ng operasyon ng kooperatiba, gayundin sa pagtitiyak na napatutupad nang maayos ang mga nabuong polisiya. Siya rin ang nagpapaapruba ng iba't ibang gawain sa BOD. May mga komite rin ang kooperatiba na may kani-kaniyang gampanin: 1) Audit and Inventory, 2) Education and Training, 3) Election and Event, 4) Ethics, 5) Mediation and Conciliation, at 6) Gender and Development. Regular na nag-uulat ang mga komite tungkol sa kanilang mga tutok na delegasyon. Bagama't may malinaw na hatian ang gampanin ng mga tagapamahala at kawani ng kooperatiba, sinabi ng mga kinapanayam na may mga pagkakataong nagbabahaginan sila ng trabaho kahit hindi na bahagi ng nakatalagang trabaho sa kanila. Regular ding nagpupulong ang mga tagapamahala at kawani tuwing ikatlong Biyernes ng buwan. Ang *general assembly* naman kasama ang mga miyembro ng kooperatiba ay isinasagawa kada tatlong buwan o *quarterly*. Katulad ng nabanggit na, nakatutulong ang mga ganitong pagtitipon sa pagbuo ng tiwala sa pagitan ng mga miyembro at kanilang mga tagapamahala sa pamamagitan ng isang kultura ng *transparency*. Nagsasagawa rin ng *business review* at *strategic planning* ang mga tagapamahala at kawani upang masiguro ang patuloy na pag-angkop ng kooperatiba sa nagbabagong panahon at mga pangangailangan.

48 Cooperative Development Authority, "Cooperatives All Over the Country Going the Extra Mile to Serve their Members and Communities amidst COVID-19 Pandemic: Reports from Region 3," accessed March 25, 2024, https://cda.gov.ph/wp-content/uploads/2020/12/2020-05-05-coop-covid-part8-r03.pdf.

Sa aspektong pangkasapian, hindi mahigpit ang kooperatiba sa pagtanggap ng mga bagong miyembro. Ang tanging kahingian lamang nila ay nasa legal na edad at naninirahan sa Bulacan o sa National Capital Region (NCR). Ang isang miyembro ay maaaring maging regular o *associate*. Ang mga *associate member* ay hindi maaaring bumoto at iboto tuwing eleksiyon. May mga karapatan at pribilehiyo ring para lamang sa mga *regular member*. Regular man o *associate*, ang BBMPC ay nagbibigay ng magandang serbisyo at pagtrato sa lahat ng mga miyembro. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain at programa, itinataguyod ng BBMPC hindi lamang ang ekonomikong pag-unlad kundi pati na rin kabuuang kapakanan ng mga miyembro alinsunod sa mga prinsipyo ng isang kooperatiba. Nais ding baguhin ng mga tagamapahala ang ideya na utangan lamang ng pera ang isang kooperatiba. Tulad nga ng sabi ni G. Rivera, "Iyon talaga ang *objective*. Sige, magtayo kayo ng negosyo at kami ang kaagapay ninyo. Tutulungan namin kayo sa kapital. Pero ang sa amin ay naiiba rin. Hindi kami *more on lending* pero *more on providing*. Kasi kung pera ang ipahihiram mo, hindi ka sigurado kung sa negosyo mapupunta, pero kung tela ang inutang sa iyo, sigurado kang sa negosyo dadalhin."

Naging tradisyon din ng BBMPC ang pagbibigay-saya sa mga miyembro at kanilang pamilya. Tuwing ika-8 ng Setyembre, anibersaryo ng pagkakatatag ng kooperatiba, idinaraos ang Family Day. Tuwing ika-31 naman ng Enero, anibersaryo ng pagpapasinaya ng Disenyo Pandi, nagdaraos ng iba't ibang gawaing nilalahukan ng mga miyembro, kawani, mga tindera, at kanilang mga pamilya. Nagsasagawa rin ang kooperatiba ng mga gawaing kaugnay ng *gender and development* (GAD) tulad ng *couple seminar*, at pakikiisa sa pagdiriwang ng Mother's Day, Father's Day, at Women's Month. Kabilang ang mga ito sa paraan ng kooperatiba upang lubos na maipakita ang pagkakaisa at pagmamalasakit sa mga miyembro. Para naman sa mga empleyado nito, nagbibigay ang BBMPC ng iba't ibang insentibo tulad ng paglalakbay sa loob at labas ng bansa. Ipinakikita nito ang pagpapahalaga rin ng mga tagapamahala sa mga kawani at empleyado na nagtataguyod ng isang produktibong kultura sa organisasyon.

Sa lahat ng nabanggit, hiling ng mga tagapamahala na ang mga susunod sa kanila ay may katulad ding pagmamalasakit sa kooperatiba. Nais nilang magpatuloy ito sapagkat malaki ang pakinabang nito sa mga mamamayan ng komunidad. Ayon nga kay G. Rivera, "Sa salita pa lang na 'kooperatiba,' hindi dapat mawala ang *concept* ng bayanihan kung saan lahat ay nagtutulungan." Aniya, tatlo ang pangunahing bumubuo rito: ang mga tagapamahala, empleyado, at mga miyembro. Isa lang sa mga ito ang mawala ay hindi na aandar nang maayos ang kooperatiba, kaya napakahalaga ng armonya sa pagitan ng tatlong ito. Dagdag pa ni G. Santos, "Sana'y alagaan nila, at magmalasakit sila kay koop."

Ang pagsasakripisyo at pagmamalasakit sa kooperatiba ay ang kaugaliang nais maikintal ng mga tagapamahala sa kanilang mga empleyado at miyembro.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nailahad sa papel na ito ang mahahalagang tala sa higit dalawang dekadang kasaysayan ng Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative (BBMPC). Itinatag ito noong 2002 sa layuning mapalakas ang industriya ng pananahi sa Bagong Barrio sa pamamagitan ng pagdadala sa komunidad ng mga hilaw na materyales tulad ng tela sa mas mababang halaga. Nangupahan muna ang kooperatiba sa isang maliit na tanggapan bago nakabili ng lupa at maipatayo ang pangunahing gusali nito noong 2007 at isang *satellite store* noong 2015. Itinuturing nitong mentor sa pag-unlad ang DTI na tumulong sa kanila sa iba't ibang erya ng industriya at siya ring nagkonseptuwalisa sa Disenyo Pandi, ang tatak-pangkalakal ng BBMPC. Noong 2018, pinasinayaan ang Disenyo Pandi Wedding Depot, isang *one-stop shopping destination* ng mga barong at *gown*, na inookupa ng mga miyembro ng kooperatiba. Bilang patunay sa narating ng BBMPC, nagkamit ito ng maraming parangal at gantimpala mula sa iba't ibang samahan at ahensiya sa pambansa, panrehiyon, at panlalawigang lebel.

Nailahad din sa pananaliksik na ito kung paano ipinakita ng BBMPC ang tatlong pangunahing dimensiyon ng puhunang panlipunan. Pinagtitibay ng kooperatiba ang pagtitiwala ng mga miyembro nito sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kanilang mga pangangailangang panghanapbuhay at pagbibigay ng iba't ibang benepisyo, programa, at serbisyo. Napapananatili rin nito ang tiwala ng mga miyembro sa pamamagitan ng pagiging transparent ng mga tagapamahala at pagpapakitang nagtitiwala rin ang mga tagapamahala sa mga miyembro. Sa panahon ng krisis tulad ng pandemya, patuloy na nagbigay ng suporta ang kooperatiba sa pamamagitan ng iba't ibang tulong-pinansiyal at serbisyo para sa mga miyembro nito. Bumuo naman ng network ang BBMPC sa pamamagitan ng pagpapatibay sa panloob na ugnayan ng mga miyembro at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor at organisasyon. Kabilang sa mga katuwang ng kooperatiba sa pagtataguyod ng iba't ibang programa ang TESDA, Rotary Club International, at CDA. Ang mga programang ito ay hindi lamang eksklusibo para sa mga miyembro ng kooperatiba kundi bukas din sa iba pang miyembro ng komunidad. Nakikiisa rin ang BBMPC sa mga gawain ng lokal na pamahalaan. Kung titingnan ang uri ng network na binubuo ng kooperatiba, masasabing ito'y *loose ties* sapagkat ang network ay bukas at nakabatay sa kusang-loob na ugnayan sa pagitan ng mga *stakeholder*. Ang mga tuntunin at kaugalian naman ang nagiging gabay ng institusyon tungo sa maayos na operasyon. Malinaw ang estruktura ng pamamahala at ang mga tagapamahala at mga kawani ay may kani-kaniyang tungkulin at responsibilidad. May mga

tuntunin ding sinusunod ang kooperatiba sa usaping pangkasapian at sa iba pang serbisyo ng tulad ng pagpapautang at koleksiyon ng mga bayarin. May kultura din ng pagmamalasakit ang BBMPC sa mga miyembro, empleyado, at kanilang mga pamilya na naipakita sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo, at pagdaraos ng iba't ibang pagdiriwang.

Lumilitaw mula sa karanasan ng BBMPC na sentral na dimensiyon ng puhunang panlipunan ang tiwala. Sang-ayon ito sa resulta ng pag-aaral nina Friedel at Dufays (2023) na nagsabing tiwala ang unang kahingian o *prerequisite* ng puhunang panlipunan.[49] Ang sumusunod na obserbasyon nina Friedel at Dufays (2023) ay nakita rin sa karanasan ng BBMPC. Una, ang dimensiyon ng tiwala ay isang kinakailangang kondisyon para sa malakas na network sa loob ng organisasyon at para mabuo ang kooperatibong identidad.[50] Hindi mahihimok ang mga miyembro ng kooperatiba na makiisa sa iba't ibang gawain nito kung hindi sila nagtitiwala sa kakayahan ng kooperatiba na itaguyod ang kanilang kapakanan. Hindi rin magtatagumpay ang mga pakikituwang at pakikipag-ugnayan kung walang paniniwala ang iba't ibang *stakeholders* sa misyon at mga adbokasiya ng kooperatiba. Ikalawa, mahalaga ang dimensiyon ng mga tuntunin at kaugalian upang mapataas ang antas ng tiwala ng mga miyembro lalo na sa harap ng mga suliranin at krisis.[51] Kung nakikita ng mga miyembro na gumagana at epektibo ang mga polisiya ng kooperatiba, napapanatag ang kalooban ng mga ito na hindi sila mapababayaan sa oras ng pangangailangan. Nasubukan ito ng mga miyembro noong tumama ang pandemyang COVID-19 na lubusang nakaapekto sa kanilang mga hanapbuhay.

Bilang pagtugon sa pangkalahatang suliranin ng pag-aaral, ang kasiglahan ng Disenyo Pandi Wedding Depot ay isang konkretong katibayan ng pagtataguyod ng isang lokal na industriya ng pananahi sa Pandi, Bulacan. Nakaaambag din ito sa konserbasyon ng isang kultural na pamana, ang mga tradisyonal na kasuotang Pilipino, at sa lokal na turismo ng bayan ng Pandi. Ngunit hindi magiging posible ang patuloy na pag-unlad nito kung wala ang diwa ng kooperatibismo—ang pagtutulungan at pagdadamayan ng mga tagapamahala, kawani, at miyembro ng BBMPC sa loob ng higit dalawang dekadang kasaysayan nito. Sa pamamagitan ng pamumuhunan hindi lamang sa salapi kundi sa mga dimensiyon ng tiwala, network, at mga tuntunin at kaugalian, patuloy na nagsisikap ang kooperatiba sa pagtatamo ng mga layunin nito para sa industriya at komunidad.

49 Friedel and Dufays, "From Theory," 275.

50 Friedel and Dufays, "From Theory," 275.

51 Friedel and Dufays, "From Theory," 275.

Sa kabila ng mayamang salaysay na inihahandog ng pag-aaral na ito, masasabing ito'y isang panimulang pag-aaral lamang tungkol sa BBMPC at sa *impact* nito sa industriya ng pananahi sa bayan at lalawigan, sa ekonomikong pag-unlad ng komunidad, at sa kalidad ng pamumuhay ng mga miyembro ng kooperatiba. Sapagkat kinapanayam lamang ng mga mananaliksik ang tatlong haliging tagapamahala ng BBMPC, inirerekomenda na mailahok din sa mga kasunod na pag-aaral ang iba pang miyembro ng kooperatiba, mga mananahi't nagpapatahi, at kahit mga di-miyembrong saklaw ng network ng kooperatiba. Sa pamamagitan nito, lalong magiging holistiko ang salaysay ng BBMPC. Inirerekomenda rin ang pag-aaral sa iba pang kooperatiba at kaparehong samahan upang patuloy na masiyasat ang mga ideya ng kooperatibismo at makataong pamamahala sa ating bansa. Ang paggamit ng mga teorya at modelong hindi lamang nauukol sa pagpapaunlad ng isang negosyo kundi sumisipat din sa dimensiyong panlipunan tulad ng *social capital theory* ay mahalaga upang maitaguyod ang mas humanistiko at demokratikong pagpapatakbo ng mga kooperatiba, kompanya, at iba pang samahan.

## BIBLIYOGRAPIYA


Abad, Charles, Erikson Lucinesio, Jose Carlos Mendoza, et al. "Bedsheets and Curtain Quality: The Case of B&C Bedsheets and Curtains." *SSRN*, February 8, 2022, 1–7. http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.4029773.

Abad, Ricardo. "Aspects of Social Capital in the Philippines: Findings from a National Survey." Accessed March 8, 2024. https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Works/Ricardo%20Abad/Aspects_of_Social_Capital_in_the_Philippines_Results_from_a_National_Survey.pdf.

Ang, Alvin, and Jeremaiah Opiniano. *Remittance Investment Climate Analysis in Rural Hometowns (RICART): The Local Competitiveness of Pandi, Bulacan for Remittance Investments.* Research Center for Culture, Education and Social Issues, University of Santo Tomas, 2016.

Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative. *CDA Gawad Parangal for 2021 Large Cooperative Category Form and Supporting Documents.* Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative, 2021.

Berg, Bruce. *Qualitative Research Methods for the Social Sciences.* 4th ed. Allyn & Bacon, 2001.

Braun, Virginia, and Victoria Clarke. "Using Thematic Analysis in Psychology." *The Qualitative Research in Psychology* 3, no. 2 (2006): 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa.

Congress of the Philippines. *H. Res. No. 1041. Resolution Commending the Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative for Winning First Place in the 2019 Gawad Parangal Search of the Cooperative Development Authority for the Most Outstanding Primary Cooperative, Large Millionaire Category.* Accessed March 25, 2024. https://docs.congress.hrep.online/legisdocs/second_18/HR01041.pdf.

Cooperative Development Authority. "Basic Info on Coops." Accessed March 8, 2024. https://cda.gov.ph/wp-content/uploads/2021/01/basic-info-on-coops.pdf

Cooperative Development Authority. "Cooperative Bayanihan in Times of Crisis." Last modified July 4, 2020. Accessed March 8, 2024. https://cda.gov.ph/updates/cooperative-bayanihan-in-times-of-crisis/.

Cooperative Development Authority. "Cooperatives All Over the Country Going the Extra Mile to Serve their Members and Communities amidst COVID-19 Pandemic: Reports from Region 3." Accessed March 25, 2024. https://cda.gov.ph/wp-content/uploads/2020/12/2020-04-27-coop-covid-part07b-r03.pdf

Creswell, John. *Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Method Approaches.* 3rd ed. SAGE Publications, 2009.

Department of Trade and Industry. "Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative." Accessed March 7, 2024. https://www.dti.gov.ph/archives/regional-archives/region-3-success-stories-regional-archives/bagong-barrio-multi-purpose-cooperative.

Department of Trade and Industry. "OTOP Philippines." Accessed March 7, 2024. https://www.dti.gov.ph/negosyo/otop-ph.

Disenyo Pandi. "About Us." Accessed March 7, 2024. https://disenyo-pandi.com/about-disenyo-pandi.

Friedel, Stefanie, and Frederic Dufays. "From Theory to Practice: Social Capital in Agricultural Cooperatives in Flanders, Belgium." In *Humanistic Governance in Democratic Organizations: The Cooperative Difference*, edited by Sonja Novkovic, Karen Miner, and Cian McMahon. Palgrave Macmillan, 2023.

Leana, Carrie, and Harry van Buren. "Organizational Social Capital and Employment Practices." *The Academy of Management Review* 24, no. 3 (1999): 538–555. https://www.jstor.org/stable/259141.

Marshall, M.N. "The Key Informant Techniques." *Family Practice* 13, no. 1 (1996): 92–97. https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/8671109.

Nierras, Rose Marie, and Filomeno Aguilar, Jr. *Barong Tagalog and Related Embroidery Production: Entrepreneur Views from Lumban, Bocaue, and Metro Manila.* Ramon Magsaysay Award Foundation, 1984.

Novkovic, Sonja, Karen Miner, and Cian McMahon, editors. *Humanistic Governance in Democratic Organizations: The Cooperative Difference.* Palgrave Macmillan, 2023.

Pascua, Perla, Aldous Raynee Afable, Noreen Aicel Briones, et al. "Parine sa Bulacan: The Showcase of the Finest Products." *Cosmos: An International Journal of Art & Higher Education* 12, no. 1 (2023): 130–139. https://cosmosjournals.com/wp-content/uploads/2023/05/CAHE-JJ23-121-9.-Perla-Pascua.pdf.

Teehankee, Benito. "Humanistic Entrepreneurship: An Approach to Virtue-Based Enterprise." *Asia-Pacific Social Science Review* 8, no. 1 (2008): 89–110. https://ejournals.ph/article.php?id=5891.

Teehankee, Benito. "Makataong Pamamahala (Person-Centered Management): Toward Indigenizing Filipino Management Research and Practice in the Philippines." *Decision* 50, no. 3 (2023): 397–400. https://link.springer.com/article/10.1007/s40622-023-00361-0.

## TUNGKOL SA MGA MAY AKDA

Si Jay Israel B. De Leon ay tubong Pandi, Bulacan. Kasalukuyan siyang lektyurer sa Departamento ng Filipino, De La Salle University-Manila. Nagtapos siya ng Batsilyer ng Sining sa Kasaysayan (magna cum laude) sa University of the Philippines-Diliman noong 2018, at Master ng Sining sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya sa DLSU noong 2022 kung saan siya ginawaran ng Gold Medal for Outstanding Master's Thesis. Kasalukuyan siyang iskolar ng DLSU sa ilalim ng Candidate Faculty Program. Siya ang unang estudyante ng programang Doktor ng Pilosopiya (By Research) sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya. Kasalukuyan din siyang naglilingkod bilang presidente ng Dalubhasaan ng mga Umuusbong na Mag-aaral ng Araling Filipino-Graduate School (DANUM-GS). Nakapaglathala siya ng mga artikulo sa iba't ibang akademikong journal at nakapagbahagi ng pananaliksik sa mga kumperensiya sa loob at labas ng Pilipinas. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang wika ng komunikasyong pangkalamidad, araling talambuhay, araling sining, pagpaplanong pangwika, at pagsasalin.

Tubong Malolos, Bulacan si Jennifer C. Delfin. Nagtapos siya ng Bachelor of Secondary Education, medyor sa Filipino, at Master of Arts in Education, medyor din sa Filipino, sa Bulacan State University (BulSU). Nagsilbi siya bilang Alumni Coordinator ng College of Arts and Letters (CAL) at naging Head ng Local Student Policy Development ng nasabing unibersidad. Noong 2023, kinilala siya bilang isa sa mga nagkamit ng Pinakamahusay na Papel-Saliksik sa Suri, Saliksik, Sanay 5: Pambansang Seminar-Worksyap at Kumperensya sa Pagtuturo ng Filipino at Panitikan na inorganisa ng PSLLF. Kasalukuyan siyang fakulti ng Departamento ng Wika, Panitikan, at Araling Pilipino ng CAL-BulSU, habang kumukuha ng programang Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Ang kaniyang mga interes ay nakatuon sa wika at kultura ng Pilipinas at mga karatig bansa.

Si Charity Joy B. Hashim ay isang mapagkalingang guro na may masidhing dedikasyon sa larangan ng edukasyon. Naglilingkod siya bilang guro sa Departamento ng Sining at Agham, Mindanao State University-Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography (MSU-TCTO) sa Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi. Isang proud na produkto ng MSU-TCTO, nagtapos siya ng kursong Bachelor of Elementary School major in Filipino noong 1998. Nakamit naman niya ang kaniyang Master of Arts in Education (MAEd) major in Administration and Supervision sa MSU Graduate School, Bongao, Tawi-Tawi noong 2016. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng programang Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya ng Pamantasang De La Salle, Maynila.